8

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 1

Aralin

7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 1: Aralin 7 (Linggo 7)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025.Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Jingle P. Cuevas (Benguet State University)

**Tagasuri:** Amabel T. Siason

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**VALUES EDUCATION/ UNANG KUWARTER / BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling pag-iimpok at pagtitipid upang makatulong sa pamayanan. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng sariling pag-iimpok at pagtitipid upang makatulong sa pamayanan ayon sa kakayahan upang malinang ang pagiging mapagmalasakit. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pagiging mapagmalasakit sa pamamagitan ng pakikisangkot sa mga gawaing nagtatampok ng pagtitipid at pag-iimpok upang makatulong sa pamayanan (hal. pagbibigay ng mga lata, bote, pahayagan na maaaring ibenta).<br>a. Naiisa-isa ang mga paraan ng sariling pag-iimpok at pagtitipid upang makatulong sa pamayanan ayon sa kakayahan.<br>b. Naipaliliwanag na ang sariling pag-iimpok at pagtitipid upang makatulong sa pamayanan ay aktibong pakikibahagi sa pagpapabuti ng kalagayan ng mga mamamayan at pagtugon sa kanilang mga pangangailangan.<br>c. Nailalapat ang mga paraan ng sariling pag-iimpok at pagtitipid upang makatulong sa pamayanan ayon sa kakayahan. |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be developed)** | Mapagmalasakit (*Compassion*) |
| **E. Nilalaman** | Sariling Pag-iimpok at Pagtitipid Upang Makatulong sa Pamayanan<br>A. Mga Paraan ng Sariling Pag-iimpok at Pagtitipid |
| **F. Integrasyon** | |


| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Hayes, A. (2024, March 19). Saving vs. Investing: What Teens Should Know. Investopedia. https://www.investopedia.com/articles/investing/022516/saving-vs-investing-understanding-key-differences.asp |


Horton, C. (2024, January 11). 31 Creative ways to save money. Forbes Advisor. https://www.forbes.com/advisor/banking/savings/clever-ways-to-save-money/

Importance of savings - Know 5 reasons to save money | ICICI PRU Life. (n.d.). https://www.iciciprulife.com/protection-saving-plans/importance-of-savings.html#:~:text=Among%20the%20many%20advantages%20of,well%20as%20unplanned%20financial%20needs.

*needs and wants*. (n.d.). Britannica Kids. https://kids.britannica.com/kids/article/needs-and-wants/630969#:~:text=Needs%20are%20things%20that%20people,are%20not%20needed%20for%20survival.

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>UNANG ARAW<br>1. Maikling Balik-aral<br>Ang pangunahing pangangailangan ng tao ay may kaugnayan sa aspektong pisyolohikal. Basahin ang mga situwasyon at ipaliwanag kung ano ang iyong magiging tugon.<br>1. Madalas mong makita ang isa sa iyong kamag-aral na hindi kumakain ng pananghalian. Sapat na sa kaniya ang makainom ng tubig. Napag-alaman mong wala siyang mabaon na pera o kanin at ulam dahil mahirap ang kanilang kalagayan sa buhay. Ano ang gagawin mo upang tugunan ang pisyolohikal niyang pangangailangan?<br>2. Isa sa iyong kapitbahay ay matanda na at halos hindi na niya nais magkikilos kaya kahit sa pagkain at paglabas ng bahay upang magpainit ay kailangang may umalalay sa kaniya. Madalas madaming ginagawa ang kaniyang anak kaya hindi siya naaalalayan. Ano ang iyong maaaring magawa para makatulong?<br><br>Mahalaga ang pagtugon sa pangangailangan ng sarili at ng ibang tao na may kinalaman sa aspektong pisyolohikal dahil ito ang pangunahin nating pangangailanagn. Kung hindi ito natugunan, mas mahirap tugunin ang iba pang pangangailangan. Isa pang paraan na mas makapapagbigay ng serbisyo at tulong sa iba pang nangangailangan ay ang pag-iimpok at pagtitipid. Sa susunod na ralin, mabibigyang-linaw kung paano ito makakatulong.</td><td>Pagbabalik-aral<br>Maaaring maghanda ng PowerPoint presentation para sa mga situwasyon or ilagay sa papel at ipamahagi sa mga mag-aaral.<br><br>Ipaunawa na ang pagtugon sa pangangailangan ng iba ay mas nagiging makabuluhan kung may ibinabahagi sa iba at ito ay intensiyonal na ginagawa gaya na lamang ng unti-unting pag-iimpok.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**Bawat Sentimo Mahalaga!**<br><br>Ipaliwanag ang gawain:<br>Araw-araw ay binibigyan kayo ng baon ng inyong mga magulang. Suriin kung saan napupunta ang bawat sentimo ng pabaon sa iyo. Hatiin ang bilog upang maging *pie chart* depende sa mga pinagkakagastusan mo. Isulat sa bawat bahagi ang halaga na ginugugol dito. Mas malaki ang bahaging ilaan sa mga mas mahal na bagay o gawain.<br><br>Halaga ng baon sa isang araw: _____________<br><br><br><br>Pamprosesong katanungan:<br>1. Ano ang napansin mo sa iyong ginawa?<br>2. Saan madalas nauubos ang pera mo?<br>3. Mula sa iyong baon, may iniipon ka ba? Bakit?<br>4. May inilalaan ka ba para sa ibang tao? Bakit?<br><br>Likas sa ating mga Pilipino na gumastos kapag may hawak na pera kaysa mag-impok. Sa araling ito, matututuhan ang kahalagahan ng pag-iipon, mga paraan na maaring gawin upang makapag-impok, at kung paano ito gagamitin upang maipakita ang pagmamalasakit sa iba.<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>Ang mga salita na makikita sa *word art* ay ilan sa mga salitang gagamitin sa aralin na ito. Tukuyin ang salitang binigyan ng kahulugan sa bawat bilang. | **Bawat Sentimo Mahalaga!**<br>Magbigay ng halimbawa ng pinagkakagastusan ng mga mag-aaral gaya ng pamasahe, meryenda, pananghalian, atbp.<br><br>**Paghawan ng Bokabolaryo**<br>• Alkansiya - taguán o impúkan ng salapi, karaniwang gawâ sa kahoy, plastik, o luwad (*clay pot*)<br>• Ipon —pera na itinabi o idineposito sa isang *account* sa isang bangko o kooperatiba. Ang pera ay kumikita ayon sa nakasaad na halaga ng interes.<br>• *Account*—isang talaan ng anumang naipon |

| | | |
|---|---|---|
| | <br><br><br>_______1. Taguán o impúkan ng salapi, karaniwang gawâ sa kahoy, plastik, o luwad (*clay pot*).<br>_______2. Pera na itinabi o idineposito sa isang *account* sa isang bangko o kooperatiba. Ang pera ay kumikita ayon sa nakasaad na halaga ng interes.<br>_______3. Isang talaan ng anumang naipon.<br>_______4. Halaga ng pera na inilalagay sa isang *account.*<br>_______5. Halaga ng pera na kinita ng prinsipal sa isang *savings account.* | • Prinsipal—halaga ng pera na inilalagay sa isang *account*<br>• Interes—halaga ng pera na kinita ng prinsipal sa isang *savings account* |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Mga Paraan ng Sariling Pag-iimpok at Pagtitipid**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Mga Dahilan ng Pag-iimpok**<br><br>Itanong: Bakit kailangang mag-impok at magtipid?<br><br>Ang pag-iipon ng pera ay nangangahulugan ng pag-iimbak nito nang ligtas upang ito ay magamit kapag kailangan natin at ito ay may mababang panganib na mawalan ng halaga.<br><br>Ang pag-iipon ng pera ay isa sa mga mahahalagang aspekto ng pagbuo ng kayamanan at pagkakaroon ng ligtas na pinansiyal na hinaharap. Ang pagtabi ng pera sa isang sistematikong paraan ay makakatulong sa iyo na makaiwas sa maraming mga hadlang at pagsubok sa buhay. Maraming dahilan para mag-ipon at ilang paraan para madaling makapag-ipon.<br><br>Ang mga tao ay nagtitipid ng pera para sa pagbili at para sa mga hindi inaasahang pagkakataon gaya ng emerhensiya. Ang pag-iimpok ay isang mahalagang bahagi ng personal na pananalapi. Isipin ito bilang paglalagay ng iyong pera sa isang alkansiya, ngunit sa halip na isang aktuwal na alkansiya, maaari kang gumamit ng isang | |

| | | |
|---|---|---|
| | *savings account* na kumikita ng interes sa paglipas ng panahon. Maaari kang mag-ipon para sa iba't ibang dahilan, gaya ng pagbili ng bagong gadyet, pagbabakasyon, o pagkakaroon ng *emergency fund* para sa mga hindi inaasahang gastos.<br><br>Itanong:<br>1. Ikaw ba ay nag-iimpok?<br>2. Ano ang iyong dahilan sa pag-iimpok?<br>3. Saan mo nagamit ang iyong mga naipong pera?<br><br>**IKALAWANG ARAW**<br><br>**Mga Paraan ng Pagtitipid at Pag-iimpok**<br>**Gawain:**<br>**Pagsubasta: Kailangan (*Needs*) vs. Gusto (*Wants*)**<br>Hatiin ang mga mag-aaral sa mga grupo. Magdaos ng *mock auction.* Mula sa mga larawang dala ng bawat pangkat, mamimili ang bawat pangkat ng dalawang kailangan at dalawang gusto na isusubasta. Pagsasama-samahin ng mga kasapi ng pangkat ang kanilang laruang pera na gagamtin para mag-*bid* sa mga isusubasta.<br><br>Pamprosesong katanungan:<br>a. Ano-ano ang mga nabili ng inyong pangkat?<br>b. Masaya ba kayo sa presyo ng inyong mga nabili?<br>c. Ano ang mga naging basehan ng inyong pangkat sa pag-*bid* ng mga aytem?<br>d. Kung inyong susuriin ang gawain at ang inyong nabili, ano ang mas pinagtuunan ninyong bilhin, ang mga kailangan ba o mga kagustuhan?<br>e. Kung uulitin ang pagsususbasta, may mga gusto ka bang baguhin sa mga nabili ng inyong pangkat? Ipaliwanag ang sagot.<br><br>Ang sumusunod ay mga paraan ng pagtitipid at pag-iimpok:<br>**1. Pag-unawa sa pagkakaiba ng pangangailangan at kagustuhan.** Ang pag-unawa dito ay makakatulong sa pagtitipid dahil nagiging prayoridad ang paglalaan ng sapat na pera para sa pangangailangan kaysa kagustuhan o luho. Mas mapaglalaanan ng pera ang mga bagay na kailangan ng tao upang mabuhay dahil kapag wala ang mga ito, hindi gagana at kikilos nang maayos ang katawan ng tao at maaaring siya ay mamatay. | <br><br><br><br><br><br><br><br>**Ikalawang Araw:**<br>Pagsusubasta hanggang Garapon ng Ipon<br>Pagsubasta (*Auction*)<br>Bago ang araw ng pagsubasta, maaaring pangkatin na ang mag-aaral at ibigay na takdang aralin ang pagdala ng mga larawan ng mga pangangailanga (pagkain, damit) at mga gusto (bagong modelo ng *mobille phone*, *limited edition* na sapatos, ticket sa konsiyerto, *cosmetics*, *beauty care products*) at laruang pera (*play money)* na gagamitin. Ang *play money* ay maaaring gawa sa papel. Mas mainam kung magkakaibang halaga ang gagawin gaya ng 50, 100, 200, 500. *Ang bawat mag-aaral ay may tig-2000 pesos na gagamitin sa subasta.* |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Ugaliing magtabi ng pera.** Ang unang hakbang sa pag-iipon ay gawin itong ugali. Narito ang ilang mga *tips* para masanay sa pag-iipon.<br>• Magtakda ng mga layunin sa pagtitipid upang ito ang mag-uudyok sa iyo.<br>• Gumawa ng badyet at gawing bahagi ng kinakailangang gastos ang pag-iipon.<br>• Bawasan ang paggastos.<br>**3. Magkaroon ng "huwag gumastos" na araw.** Hamunin ang iyong sarili na huwag gumastos ng anumang pera para sa isang buong katapusan ng linggo. Sa halip, maghanap ng mga libreng aktibidad na gagawin at magluto para sa iyong pamilya. Maraming tao ang gumagastos ng bulto ng kanilang dagdag na pera tuwing Sabado at Linggo, kaya kahit isa o dalawang pahinga sa paggastos ay maaaring gumawa ng pagbabago sa iyong pondo sa pagtitipid.<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>***Brainstorming***<br>Pangkatin ang mga mag-aaral na may 4 na kasapi. Bigyan sila ng limang minuto upang mag-isip ng malikhaing paraan upang makatipid at makapag-ipon. Pagkatapos ng dalawang minuto, ibahagi ang naisip na paraan sa mga kasama sa pangkat.<br><br>**Pamprosesong katanungan**<br>1. Ano-ano ang mga natukoy ninyo na malikhaing paraan ng pagtitipid?<br>2. Paano makakatulong ang mga natukoy na paraan ng pagtitipid sa pag-iimpok?<br>3. Bukod sa pagtitipid, ano-ano pa ang mga paraan upang makapag-ipon ng pera?<br>4. Bakit mahalagang may layunin sa pag-iimpok?<br>5. Saan maaaring gamitin ang mga naipon?<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**A. Garapon ng Ipon**<br>Base sa *brainstorming*, magtatakda ang klase ng layunin at dahilan ng pag-iipon. Tutukuyin ng klase kung saan o kanino gagamitin ang maiipong pera. Magdala ng garapon at palagyan sa mga mag-aaral ng dekorasyon. Isulat ang layunin o pangalanan ang garapon at lagyan ng kasabihan o talata mula sa salita ng Diyos tungkol sa pagtulong sa kapuwa. Hamunin ang klase na magsagawa ng mga paraan upang makatulong silang mag-ipon sa loob ng isang linggo at ang | **Ikatlong Araw**<br>Bago ang *brainstorming*, magbalik-aral tungkol sa pagkakaiba ng kagustuhan at kailangan at mga paraan ng pagtitipid<br>**Pamprosesong katanungan**<br>Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagtatalaga ng layunin dahil ito ay magbibigay ng direksiyon at inspirasyon sa pag-iipon. Ipaunawa na ang pagtugon sa pangangailangan ng iba gamit ang sariling ipon ay magandang paraan ng pagpapakita ng malasakit sa kapuwa.<br>**Paglalapat at pag-uugnay**<br>Maaring magpadala ng garapon, lata o anumang maaaring gawing alkansiya ng klase. Maaaring isa sa bawat pangkat o isa para sa buong klase.<br><br>Bukod sa mga nakasanayang paraan gaya ng pagtipon ng mga |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>kanilang maiipon ay gagamitin sa napagkasunduang layunin na pagtulong sa iba.<br>Tukuyin ang sumusunod:<br>Layunin ng pag-iimpok: ______________________________________________<br>Mga paraang gagamitin: ______________________________________________<br><br>IKAAPAT NA ARAW<br>B. Paunang Pagsasagawa ng mga paraan ng pag-iipon<br>Mula sa napagkasunduang layunin at mga paraan na gagawin upang makapag-ipon, bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral upang magplano at umpisahan maumpisahan ang kanilang naisip na paraan.</td>
<td>lata, bote, pahayagan na maaaring ibenta, hikayatin ang mga mag-aaral na maging malikhain sa mga gagawing paraan upang makaipon gaya ng paggawa at pagbebenta ng ice candy, pagtatanim at pagbenta ng gulay gaya ng pechay, pag-set up ng photo booth, atbp. Kung gagawin itong pangkatan, mainam na magkakaiba ng paraan ang bawat pangkat.</td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>1. Pabaong Pagkatuto<br>1. Pagkatapos ng isinagawang mga paraan ng pag-iimpok para sa pagtulong sa kapuwa, ano ang natutuhan ninyo?<br>2. Ano ang pakiramdam ng nag-iipon para sa kapakanan ng ibang tao?<br>3. Bakit mahalagang magtalaga ng layunin sa pag-iimpok? Paano ito makakatulong?<br><br>2. Pagninilay sa Pagkatuto<br>Sumulat ng maikling pagninilay na naglalaman ng sagot sa mga katanungan.<br>1. Ano ang naiambag mo sa pag-iipon ng iyong klase?<br>2. Kung isasaalang-alang mo ang mas malawak na panlipunang implikasyon ng pag-iipon ng pera para sa iba, paano makakatulong ang pagmamalasakit sa pagbuo ng mas matibay na komunidad?</td>
<td></td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<th colspan="2">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</th>
<th>MGA TALA SA GURO</th>
</tr>
<tr>
<td>A. Pagtataya</td>
<td>1. Pagsusulit<br>Magbigay ng mga paraan ng pagtitipid at pag-iimpok na
<table>
<tr><td>pansarili.</td><td>kasama ang pamilya.</td><td>kasama ang mga kaibigan.</td></tr>
<tr><td>__________________<br>__________________</td><td>__________________<br>__________________</td><td>__________________<br>__________________</td></tr>
</table>
Ano ang kabutihang naidudulot ng pagtitipid at pag-iimpok?<br>______________________________________________</td>
<td></td>
</tr>
</table>

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>Ipagpatuloy ang pagsagawa ng mga paraan sa pag-iimpok na napagkasunduan kaugnay ng gawaing “Garapon ng Ipon.”</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang mga paraan ng pagtitipid at pag-iimpok sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Paano natuto ang mga mag-aaral ng pag-iipon at pagmamalasakit sa kapwa?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod upang mas mapalalim ang pag-unawa sa pag-iipon para makatulong sa iba?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>